**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-9 NG PEBRERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco............... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas.............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison............... | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor.......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 023-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET NG BARANGAY GATID PARA SA TAONG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON LABIN[redacted]NG LIBO PITUNGDAAN LABINGLIMANG PISO AT SIYAMNAPU'T PITONG SENTIMOS (P1,011,715.97).

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay sa sangguniang ito ang taunang badyet ng Barangay Gatid na nagkakahalaga ng P1,011,715.97 at ito ay naayon at sumusunod sa mga patakaran ng pagbabadyet ng mga barangay;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at mapatunayang hindi ito sumisinsay sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos ay ipinasya ng Lupon sa Pananalapi na irekomendang pagtibayin ito.

**SAPAGKA'T,** anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sang. Barangay Gatid;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Ricardo B. Ramirez at sa buong pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang taunang badyet ng Barangay Gatid na nagkakahalaga ng P1,011,715.97 para sa taong ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

2/18/98
NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan